Survey ng Hiroshima Prefecture sa Pamumuhay ng mga Bata

# 【Para sa mga magulang/tagapag-alaga】

- Ang survey na ito ay isinasagawa ng Hiroshima Prefecture upang tanungin ang mga magulang/tagapag-alaga na mayroong mga anak na nasa ika-5 baitang ng elementarya o ika-2 baitang ng junior high school tungkol sa kanilang kalagayan sa pamumuhay at sa kanilang mga anak. Ang mga resulta ng survey ay naglalayong gamitin para sa pagpapatupad ng mga hakbang para sa mga pamilyang nagpapalaki ng mga anak.
- Ang talatanungang ito ay dapat sagutan ng mga magulang/tagapag-alaga ng mga bata sa ika-5 baitang ng elementarya o ika-2 baitang ng junior high school.
- Ang pagsusuring ito ay anonymous. Hindi kailangan isulat ang iyong pangalan.
- Ang survey form na ito ay gagamitin lamang para sa layunin ng pagsusuri. Ang iyong mga sagot ay istatistikal na ipoproseso at hindi ka matutukoy o mababanggit.
- Mangyaring tumugon sa pamamagitan ng pagbilog sa kaukulang bilang.
- Matapos sagutan ang survey form , mangyaring ilagay ito sa isang berde o bughaw na sobre at masusing isara gamit ang tape upang masigurong ito ay mananatiling kumpidensyal. Pagkatapos, ipasa ang silyadong sobre sa inyong anak.
- Mangyaring magbigay ng sagot bago **mag Lunes, ika-10 ng Hulyo 2023**.
- Kung mayroon kayong hindi maunawaan sa aming mga katanungan at survey, maaari po kayong magtanong sa impormasyong nakasaad sa baba:


Makipag-ugnayan sa:

Hiroshima Prefecture Children's Future Support Division (9:00 - 17:00 maliban sa Sabado, Linggo at pambansang holiday)

telepono: 082-513-3171　　FAX：082-502-3674

e-mail: fukodomo@pref.hiroshima.lg.jp




Sa survey na ito, ang terminong "bata" ay tumutukoy sa isang bata na nasa ika-5 baitang ng elementarya o ika-2 baitang ng junior high school na siyang paksa ng survey. Ang mga terminong "magulang," "ina," at "ama" ay kasama ang mga stepmother, stepfather, pati na rin ang mga tagapag-alaga na nagsisilbi bilang ina o ama.

**Tanong 1** Mangyaring pumili ng relasyon na naglalarawan ng inyong koneksyon sa inyong anak, mula sa pananaw ng bata. (Bilugan ang isang sagot)

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1 | Ina | 2 | Ama |
| 3 | Lolo't Lola | 4 | atbp. |

**Tanong 2** Mangyaring ipaalam ang lugar, City/Town ng iyong tirahan.

(Bilugan ang isang sagot)

| | | | |
|---|---|---|---|
| **1** Hiroshima City | **2** Kure City | **3** Takehara City | **4** Mihara City |
| **5** Onomichi City | **6** Fukuyama City | **7** Fuchu City | **8** Miyoshi City |
| **9** Shobara City | **10** Otake City | **11** Higashihiroshima City | **12** Hatsukaichi City |
| **13** Akitakata City | **14** Etajima City | **15** Fuchu Town | **16** Kaita Town |
| **17** Kumano Town | **18** Saka Town | **19** Akiota Town | **20** Kitahiroshima Town |
| **21** Osaki-Kamijima Town | **22** Sera Town | **23** Jinsekikogen Town | |
| **24** Sa labas ng Hiroshima Prefecture | | | |

**Tanong 3** Mangyaring tukuyin ang bilang ng mga miyembro ng pamilya na kasama ng inyong anak at nagbabahagi ng mga gastusin sa tahanan. Isama ang mga miyembro ng pamilya na nagtatrabaho nang hiwalay o *tanshinfunin* o may mga anak na nag-aaral sa malayo mula sa tahanan sa pagbibilang na ito. (Bilugan ang isang opsiyon na angkop para sa bawat pagpipilian mula “a” hanggang “h”)

| a) Lola | b) Lolo | c) Ina | d) Ama | h) Kabuuan (kabilang ka at ang mag-aaral na bata) |
|---|---|---|---|---|
| 0 Wala<br>1 1 tao<br>2 2 tao | 0 Wala<br>1 1 tao<br>2 2 tao | 0 Wala<br>1 1 tao | 0 Wala<br>1 1 tao | 2 2 tao<br>3 3 tao<br>4 4 tao<br>5 5 tao<br>6 6 tao<br>7 7 tao<br>8 8 tao<br>9 9 tao<br>10 10 tao o higit pa |
| e) Nakatatandang kapatid na babae at lalaki | Ang mag-aaral na bata | f) Nakababatang kapatid na babae at lalaki | g) atbp. | |
| 0 Wala<br>1 1 tao<br>2 2 tao<br>3 3 tao<br>4 4 tao o higit pa | 1 tao | 0 Wala<br>1 1 tao<br>2 2 tao<br>3 3 tao<br>4 4 tao o higit pa | 0 Wala<br>1 1 tao<br>2 2 tao<br>3 3 tao<br>4 4 tao o higit pa | |

**Tanong 4** Maari bang ibigay ang kasalukuyang edad ng magulang ng bata?
(Isulat ang bilang ng edad ng ama at ina. Kung walang kumakatawan bilang ama at ina o kung hindi mo alam ang edad, isulat ang "-")

Ina [        taong gulang]   Ama [        taong gulang]

**Tanong 5** Mayroon bang miyembro sa pamilya ng iyong anak ang nagtatrabaho sa malayong lugar *(tanshinfunin)* sa kasalukuyan? (Kung mayroong nagtatrabaho sa malayong lugar, bilugan ang lahat ng naaangkop mula 1-3.)

1 Ang ina ng bata ay nagtatrabaho sa malayong lugar / *tanshinfunin*
2 Ang ama ng bata ay nagtatrabaho sa malayong lugar / *tanshinfunin*
3 atbp.
4 Walang isa man ang nagtatrabaho sa malayong luga/ *tanshinfunin*

**Tanong 6** Ano ang "marital status" ng magulang ng bata na kasama nya sa tahanan at sumusuporta sa lahat ng pangangailangan? (Bilugan ang isang sagot)

1 Kasal (kabilang ang muling pagpapakasal at may "de facto" na kasal)
2 Hiwalay/ Divorced
3 Biyudo/ Biyuda
4 Hindi kasal
5 Hindi alam ang katayuan
6 Walang magulang

**Tanong 7** Kung ang sagot mo sa nakaraang tanong ay "2 Hiwalay/ Divorced," may kasunduan ba kayo ng iyong asawa patungkol sa pinansiyal na suporta para sa inyong anak/mga anak (*yoiku-hi*) at kasalukuyan ka bang tumatanggap ng pinansiyal na suporta para sa iyong anak/mga anak?

(Bilugan ang isang sagot)

**1** Mayroon akong kasunduan para sa pinansyal na suporta sa aking anak/mga anak (*yoiku-hi*) at ito ay aking natatanggap.
2 Wala akong partikular na kasunduan para sa pinansyal na suporta sa aking anak/mga anak (*yoiku-hi*) ngunit ito ay aking natatanggap.
3 Mayroon akong kasunduan para sa pinansyal na suporta sa aking anak/mga anak (*yoiku-hi*) ngunit wala akong natatanggap.
4 Wala akong kasunduan para sa pinansyal na suporta sa aking anak/mga anak (*yoiku-hi*) at wala akong natatanggap.

**Tanong 8** Maliban sa wikang Hapon, ano pang mga wika ang inyong ginagamit sa bahay?
(Bilugan ang isang sagot)

1 Ang aking pamilya ay gumagamit lamang ng wikang Hapon sa bahay.
2 Ang aking pamilya ay gumagamit ng ibang wika sa bahay, ngunit kadalasan ay ang wikang Hapon.
3 Ang aking pamilya ay kadalasang gumagamit ng ibang wika maliban sa wikang Hapon.

**Tanong 9** Mangyaring piliin ang opsiyon na nauugnay sa mga paaralan kung saan nagtapos o natapos ang edukasyon ng mga magulang ng bata. (Bilugan ang isang opsiyon na angkop para sa bawat pagpipilian mula “a” hanggang “b”)

| | a) Ina | b) Ama |
|---|---|---|
| Junior high school | 1 | 1 |
| Junior high school, High school | 2 | 2 |
| Junior high school, High school, Technical college | 3 | 3 |
| Junior high school, 5 taong teknikal na kolehiyo | 4 | 4 |
| Junior high school, High school, Junior college | 5 | 5 |
| Junior high school, High school (o 5 taong teknikal na kolehiyo), University | 6 | 6 |
| Junior high school, High school (o 5 taong teknikal na kolehiyo), University, Graduate school | 7 | 7 |
| atbp. | 8 | 8 |
| Hindi ko alam | 9 | 9 |
| Walang magulang | 10 | 10 |

**Tanong 10** Mangyaring piliin ang opsiyon na angkop sa kalagayan ng empleyo ng mga magulang ng bata. (Bilugan ang isang opsiyon na angkop para sa bawat pagpipilian mula “a” hanggang “b”)

| | a) Ina | b) Ama |
|---|---|---|
| Full-time na empleyado, regular na staff, mga executive ng kumpanya | 1 | 1 |
| Naka-fix term na empleyado, kontraktuwal na empleyado, pansamantalang staff | 2 | 2 |
| Part-timer / *arubaito*, day laborer, part-time na empleyado | 3 | 3 |
| Self-employed (kasama ang mga miyembro ng pamilya, pakyawan na trabaho sa isang kompanya/piecework job, self-employed at freelance na mga manggagawa) | 4 | 4 |
| Hindi nagtatrabaho (kasama ang mga maybahay/mga asawa ng maybahay) | 5 | 5 |
| Hindi ko alam | 6 | 6 |
| Walang magulang | 7 | 7 |

Kung kayo ay pumili ng 5 para sa alinman sa a o b, lumipat sa Tanong 11.

**Tanong 11** Kung inyong pinili ang "5. Hindi nagtatrabaho" sa nakaraang tanong, mangyaring tukuyin ang pinakamahalagang dahilan kung bakit ang magulang ng bata ay kasalukuyang hindi nagtatrabaho. (Bilugan ang isang opsiyon na angkop para sa bawat pagpipilian mula "a" hanggang "b")

| | a) Ina | b) Ama |
|---|---|---|
| Ang magulang ay nais magtrabaho, ngunit wala silang makuhang trabahong tumutugma sa kanilang mga ninanais na kondisyon. | 1 | 1 |
| Ang magulang ay nagbibigay ng prayoridad sa pag-aalaga ng mga anak. | 2 | 2 |
| Ang magulang ay responsable sa pag-aalaga ng mga miyembro ng pamilya. | 3 | 3 |
| Ang magulang ay hindi makapagtrabaho dahil sa karamdaman o kapansanan. | 4 | 4 |
| Ang magulang ay nag-aaral. | 5 | 5 |
| Iba pang mga dahilan. | 6 | 6 |

**Tanong 12** Mangyaring piliin ang mga pampaaralan at childcare na pasilidad na pinasukan ng bata sa pagitan ng edad na 0-2 taong gulang. (Bilugan ang isang sagot)

1 Lisensyadong nursery school o sertipikadong child day care center
2 Iba pang mga pasilidad sa edukasyon/pangangalaga ng bata
3 Indibidwal maliban sa mga magulang/kamag-anak
4 mga magulang/kamag-anak na nagbibigay ng pangangalaga sa halos lahat ng oras
5 atbp.

**Tanong 13** Mangyaring piliin ang mga pampaaralan at childcare na pasilidad na pinasukan ng bata sa pagitan ng edad na 3-5 taong gulang. (Bilugan ang isang sagot)

1 Kindergarten, lisensyadong nursery school o sertipikadong child day care center
2 Iba pang mga pasilidad sa edukasyon/pangangalaga ng bata
3 Indibidwal maliban sa mga magulang/kamag-anak
4 mga magulang/kamag-anak na nagbibigay ng pangangalaga sa halos lahat ng oras
5 atbp.

**Tanong 14** Mangyaring tukuyin ang antas ng pagsasagawa sa sumusunod na mga pahayag base sa pakikitungo sa yung anak.

(Bilugan ang isang opsiyon na angkop para sa bawat pagpipilian mula "a" hanggang "d")

| | Ganap na naisagawa | Bahagyang naisagawa | Hindi gaanong naisagawa | Hindi naisagawa |
|---|---|---|---|---|
| a) May mga itinakdang patakaran ukol sa tagal ng panonood ng telebisyon, paglalaro, at paggamit ng internet. | 1 | 2 | 3 | 4 |
| b) Hinihikayat ko ang bata na magbasa ng mga aklat at pahayagan. | 1 | 2 | 3 | 4 |
| c) Nagbasa kami ng mga pambatang aklat noong kanyang kabataan. | 1 | 2 | 3 | 4 |
| d) Naibabahagi sa akin ng bata ang tungkol sa kalagayan ng kanyang akademikong pag-aaral. | 1 | 2 | 3 | 4 |

**Tanong 15** Gaano kadalas ka sumasali sa mga sumusunod na aktibidad?

(Bilugan ang isang opsiyon na angkop para sa bawat pagpipilian mula "a" hanggang "b")

| | Madalas na sumasali | Minsan lamang sumasali | Bihirang sumasali | Hindi sumasali sa lahat |
|---|---|---|---|---|
| a) Sumasali sa mga aktibidad sa paaralan tulad ng pagdalaw sa klase at mga paligsahan sa palaro. | 1 | 2 | 3 | 4 |
| b) Sumasali sa mga aktibidad ng PTA, mga pulong ng magulang-guro, at mga boluntaryong aktibidad tulad ng suporta sa pag-aaral pagkatapos ng klase. | 1 | 2 | 3 | 4 |

**Tanong 16** Batay sa kasalukuyang sitwasyon, anong uri ng institusyong pang-edukasyon ang iniisip mo na pag-aaralan ng bata sa hinaharap?

(Bilugan ang isang sagot)

1 Junior high school
2 Junior high school, High school
3 Junior high school, High school, Technical college
4 Junior high school, 5 taong teknikal na kolehiyo
5 Junior high school, High school, Junior college
6 Junior high school, High school (o 5 taong teknikal na kolehiyo), University
7 Junior high school, High school (o 5 taong teknikal na kolehiyo), University, Graduate school
8 atbp.
9 Hindi pa sigurado ➡ **Pumunta sa Tanong 18.**

**Tanong 17** Kung napili mo ang 1-8 sa nakaraang tanong, ano ang dahilan?

(Para sa 1 hanggang 5, bilugan ang lahat ng naaangkop)

1 Dahil sa nais ng bata
2 Dahil naniniwala ako na ito ay isang karaniwang propesyon sa hinaharap.
3 Isinasaalang-alang ang akademikong kakayahan ng bata
4 Isinasaalang-alang ang pinansyal na kalagayan ng pamilya
5 atbp.
6 Walang partikular

**Tanong 18** Mayroon ka bang sinuman na maaaring mong pagkatiwalaan para sa mga sumusunod na bagay?

(Sa bahagi ng a hanggang c, bilugan ang isa para sa bawat 1 hanggang 3 na naaangkop)

Kung pinili mo ang "1 Maaari akong umasa sa ... ", bilugan ang lahat ng mga naaangkop na item mula sa ① hanggang ⑦.

| | | a) Konsultasyon tungkol sa pagpapalaki ng bata | b) Konsultasyon tungkol sa mahahalagang bagay | c) Pinansyal na tulong sa mga panahon ng kagipitan |
|---|---|---|---|---|
| Maaari akong umasa sa ... | | 1 | 1 | 1 |
| | Pamilya / mga kamag-anak | ① | ① | ① |
| | Mga kaibigan / mga kakilala | ② | ② | ② |
| | Kapitbahay | ③ | ③ | ③ |
| | Mga taong kasama sa trabaho | ④ | ④ | ④ |
| | Komisyoner para sa social welfare / komisyoner para sa child welfare | ⑤ | ⑤ | ⑤ |
| | Mga tauhan sa mga counseling at support organization at welfare agencies | ⑥ | ⑥ | ⑥ |
| | atbp. | ⑦ | ⑦ | ⑦ |
| Walang sinumang maaasahan | | 2 | 2 | 2 |
| Hindi ako umaasa sa iba para sa bagay na ito | | 3 | 3 | 3 |

**Tanong 19** Ano ang nararamdaman mo sa iyong kasalukuyang sitwasyon sa pamumuhay?

(Bilugan ang isang sagot)

| | |
|---|---|
| 1 | Matatag na matatag ang kalagayang pinansyal |
| 2 | Matatag ang kalagayang pinansyal |
| 3 | Karaniwan |
| 4 | Mahirap |
| 5 | Napakahirap |

**Tanong 20** Mangyaring tukuyin ang taunang kita/annual income (kasama ang buwis) ng inyong buong pamilya. (Bilugan ang isang sagot)

*Mangyaring sagutin ang sumusunod na mga tanong batay sa annual income para sa taong 2022.

*Ang kita/income ay tumutukoy sa lahat ng kita ng mga miyembro ng pamilyang naninirahan at sumusuporta sa lahat ng pangangailangan ng tahanan.

・Kita mula sa trabaho (karaniwang kita, mga bonus, at iba pa)

・Kita mula sa negosyo (hindi kasama ang gastusin sa mga raw material, gastusin sa mga tauhan, at iba pang gastusin sa operasyon), kita mula sa mga sideline na trabaho (hindi kasama ang gastusin sa mga materyales, at iba pa)

・Kita mula sa isang pampublikong pensyon, benepisyo, at iba pang mga benepisyo sa seguridad pang lipunan (tulong sa kagalingan/ *seikatsuhogo*, subsidiya para sa mga bata/ *jido-teate*, subsidiya para sa suporta sa mga bata/ *jidofuyo-teate*, at iba pa)

・Kita mula sa agrikultura, pagsasaka, at pangingisda (hindi kasama ang gastusin sa mga materyales ng agricultural machinery at iba pang kagamitan, mga gastos sa pangnegosyo, at iba pa)

・Kita mula sa mga ari-arian (interes sa mga deposito at ipon, kita mula sa upa, at iba pa, maliban sa kita mula sa pagbebenta ng mga ari-arian tulad ng mga bahay at lupa, at kita mula sa life insurance at non-life insurance).

・Iba pang kita (padala ng pera, bayad para sa suporta sa mga bata/ *yoikuhi*, personal na pensyon/ *kojin-nenkin*, congratulatory money, atbp.)

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1 | Wala pang 500,000 yen | 9 | 4,000,000 yen na hindi hihigit sa 4,500,000 yen |
| 2 | 500,000 yen na hindi hihigit sa 1,000,000 yen | 10 | 4,500,000 yen na hindi hihigit sa 5,000,000 yen |
| 3 | 1,000,000 yen na hindi hihigit sa 1,500,000 yen | 11 | 5,000,000 yen na hindi hihigit sa 6,000,000 yen |
| 4 | 1,500,000 yen na hindi hihigit sa 2,000,000 yen | 12 | 6,000,000 yen na hindi hihigit sa 7,000,000 yen |
| 5 | 2,000,000 yen na hindi hihigit sa 2,500,000 yen | 13 | 7,000,000 yen na hindi hihigit sa 8,000,000 yen |
| 6 | 2,500,000 yen na hindi hihigit sa 3,000,000 yen | 14 | 8,000,000 yen na hindi hihigit sa 9,000,000 yen |
| 7 | 3,000,000 yen na hindi hihigit sa 3,500,000 yen | 15 | 9,000,000 yen na hindi hihigit sa 10,000,000 yen |
| 8 | 3,500,000 yen na hindi hihigit sa 4,000,000 yen | 16 | Mahigit 10,000,000 yen |

**Tanong 21** Sa nakaraang taon, naranasan ba ng inyong pamilya ang anumang pagkakataon na hindi kayo nakabili ng kinakailangang pagkain dahil sa mga pinansyal na limitasyon? Hindi kasama dito ang mga luho o mamahaling pagkain. (Bilugan ang isang sagot)

| | |
|---|---|
| 1 | Madalas |
| 2 | Paminsan-minsan |
| 3 | Bihirang-bihira |
| 4 | Hindi man lamang |

**Tanong 22** Sa nakaraang taon, naranasan ba ng inyong pamilya ang anumang mga pagkakataon na hindi kayo makabili ng mga kinakailangang damit dahil sa mga limitasyon sa pinansyal? Hindi kasama dito ang mga luho tulad ng mamahaling damit, precious metals, at alahas.

(Bilugan ang isang sagot)

| | |
|---|---|
| 1 | Madalas |
| 2 | Paminsan-minsan |
| 3 | Bihirang-bihira |
| 4 | Hindi man lamang |

**Tanong 23** Sa nakaraang taon, alin sa mga sumusunod na bayarin ang hindi mo nabayaran dahil sa pangpinansyal na kadahilanan? (Para sa 1 hanggang 3, bilugan ang lahat ng naaangkop)

| | |
|---|---|
| 1 | Bayarin sa kuryente |
| 2 | Bayarin sa gas |
| 3 | Bayarin sa tubig |
| 4 | Wala sa nabanggit |

**Tanong 24** Paano mo nararamdaman ang sumusunod na mga tanong mula a) hanggang f) sa nakaraang buwan? (Bilugan ang isang opsiyon na angkop para sa bawat pagpipilian mula "a" hanggang "f")

| | Lagi | Madalas | Minsan | Kaunti | Hindi kailanman |
|---|---|---|---|---|---|
| a) Gaano kadalas mo naramdaman ang nerbiyos? | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| b) Gaano kadalas mo naramdaman na parang wala nang pag-asa? | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| c) Gaano kadalas mo naramdaman ang pagkabahala o pagkabalisa? | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| d) Gaano kadalas mo naramdaman ang sobrang lungkot na halos wala nang makapagpasaya sa iyo? | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| e) Gaano kadalas mo naramdaman ang katamaran na gawin ang anumang bagay? | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| f) Gaano kadalas mo naramdaman na parang wala kang halaga? | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |

**Tanong 25** Sa pangkalahatan, gaano ka kakuntento sa buhay mo ngayon? Mangyaring sagutin gamit ang isang numero mula sa "0" (Hindi talaga kuntento) hanggang "10" (Ganap na kuntento).

(Bilugan ang isang sagot)

| 0： Hindi talaga kuntento | | | | ⟷ | | | | | 10： Ganap na kuntento | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 0 | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 |

**Tanong 26** Paano nagbago ang buhay ng inyong pamilya bago ang COVID-19 pandemic (bago ang 2019) at sa panahon ng COVID-19 pandemic (2020-2022)?

(Bilugan ang isang opsiyon na angkop para sa bawat pagpipilian mula “a” hanggang “f”)

| | Lumaki | Lumiit | Nanatiling pareho |
|---|---|---|---|
| a) Pagbabago sa kabuuang kita ng pamilya | 1 | 2 | 3 |
| b) Pagbabago sa mga kinakailangang gastusin sa pang-araw-araw na pamumuhay | 1 | 2 | 3 |
| c) Kawalan ng kakayahang bumili ng kinakailangang pagkain o damit dahil sa kakulangan ng pera | 1 | 2 | 3 |
| d) Pakikipag-usap sa aking mga anak | 1 | 2 | 3 |
| e) Away o alitan sa loob ng aking pamilya | 1 | 2 | 3 |
| f) Pakiramdam ng pagkapikon, pagkabahala, o pagka-depress | 1 | 2 | 3 |

**Tanong 27** Paano nagbago ang buhay ng iyong pamilya sa panahon ng pandemya - COVID-19 (2020-2022) at sa kasalukuyang pang-araw-araw na buhay?

(Bilugan ang isang opsiyon na angkop para sa bawat pagpipilian mula “a” hanggang “f”)

| | Lumaki | Lumiit | Nanatiling pareho |
|---|---|---|---|
| a) Pagbabago sa kabuuang kita ng pamilya | 1 | 2 | 3 |
| b) Pagbabago sa mga kinakailangang gastusin sa pang-araw-araw na pamumuhay | 1 | 2 | 3 |
| c) Kawalan ng kakayahang bumili ng kinakailangang pagkain o damit dahil sa kakulangan ng pera | 1 | 2 | 3 |
| d) Pakikipag-usap sa aking mga anak | 1 | 2 | 3 |
| e) Away o alitan sa loob ng aking pamilya | 1 | 2 | 3 |
| f) Pakiramdam ng pagkapikon, pagkabahala, o pagka-depress | 1 | 2 | 3 |

**Tanong 28** Naranasan ba ng pamilya ninyo na gumamit/mag-avail ng mga sumusunod na sistema ng suporta? (Bilugan ang isang opsiyon mula sa 1 hanggang 3 para sa bawat pagpipilian mula sa "a" hanggang "e")

Kung ikaw ay sumagot ng "Hindi gumagamit/nag-aavail" ano ang inyong dahilan bakit hindi kayo gumamit/nag-avail? (Pumili at bilugan ang isang sagot mula sa numero ①~⑤)

| | a Suportang pinansyal para sa Mag-aaral ※1 | b Welfare assistance/ *seikatsuhogo* ※2 | c Consultation counter para sa taong nahihirapan sa buhay at para matulungang maging independent ※3 | d Pinansyal na tulong para sa suporta ng bata */jidofuyo-teate* ※4 | e Suporta sa single parents para sa paghahanap ng trabaho para maging independe ※5 |
|---|---|---|---|---|---|
| Kasalukuyang gumagamit/nag-aavail | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 |
| Gumamit/nag-avail noon pero sa ngayon ay hindi na gumagamit/nag-aavail. | 2 | 2 | 2 | 2 | 2 |
| Hindi gumagamit/nag-aavail | 3 | 3 | 3 | 3 | 3 |
| Hindi kwalipikado sa sistema (Hindi natugunan ang kondisyon ng kita) | ① | ① | ① | ① | ① |
| Maaaring gumamit/mag-avail ngunit ito ay hindi kailangan ng pamilya | ② | ② | ② | ② | ② |
| Gustong gumamit/mag-avail ngunit hindi alam na may mga ganitong sistema ng suporta | ③ | ③ | ③ | ③ | ③ |
| Gustong gumamit/mag-avail ngunit mukhang mahirap at hindi alam ang proseso | ④ | ④ | ④ | ④ | ④ |
| Iba pang rason | ⑤ | ⑤ | ⑤ | ⑤ | ⑤ |

Kapag ang sagot ay numero 3, bilugan at pumili ng isang sagot mula sa numero ①~⑤

**<Reperensya>**

＊1 Suportang pinansyal para sa Mag-aaral : Sistema na nagbibigay ng pinansyal na tulong para sa gastusin sa edukasyon at pambili ng mga kagamitan sa paaralan.

＊2 Welfare assistance/ *seikatsuhogo* : Sistema na nagbibigay ng tiyak na pinansyal na tulong sa mga taong nagkasakit o natanggal sa trabaho, na walang ibang paraan para kumita at hirap sa buhay.

＊3 Consultation counter para sa taong nahihirapan sa buhay at para matulungang maging independent : Consultation counter para sa mga taong may problema tungkol sa pera, trabaho, bahay at iba pa. Ito ay may mga dedikadong kawani na magbibigay ng detalyadong payo ng experto upang malutas ang kanilang mga problema.

＊4 Pinansyal na tulong para sa suporta ng bata */jidofuyo-teate* : Sistema na nagbibigay ng pinansyal na tulong sa tiyak na mababa ang kita at para sa single parent (Iba ito sa suporta para sa bata/ *jido-teate*)

＊5 Suporta sa single parents para sa paghahanap ng trabaho para maging independe : Pagbibigay ng payo at pagsasanay sa single parent na naghahanap ng trabaho. Maari rin komunsulta tungkol sa gastusin sa pagpapalaki ng bata.

**Tanong 29** Anong mga bagay ang gusto niyong bigyan ng diin at pansin para sa mga kabataan ng Hiroshima Prefecture. (Mangyaring pumili at bilugan ang tatlong pinakamahalagang sagot sa mga pagpipilian mula numero 1 hanggang 10. Ngunit isa lang dapat ang kasagutan kapag pinili mo ang numero 11.)

1. Pagsasaayos ng edukasyon at pangangalaga para sa mga bata mula 0 taong gulang hanggang sa pagpasok nila sa elementarya.
   Halimbawa • Dekalidad na edukasyon sa kindergarten, nursery school, sertipikadong child day care center, at iba pa.
2. Pagbibigay ng sapat na kaalaman sa mga mag-aaral ng elementarya, junior high school, at high school upang sila ay maging aktibo at produktibong miyembro ng lipunan sa hinaharap.
   Halimbawa: • Pagkakaroon ng matibay na pundasyon sa pag-aaral.
   • Bukod sa pag-aaral, mabigyan ng pagkakataon upang mapalawak ang kakayahang ipahayag ang sarili, mag-isip na kritikal at mapabuti ang kakayahan sa pakikipagtalastasan.
3. Pagpapabuti ng suporta sa mga pamilyang nagpapalaki ng anak simula sa kanilang pagbubuntis.
   Halimbawa: • Pagbibigay ng accessible consultation services sa mga nagbubuntis at mga usapin patungkol sa pag-aalaga ng bata.
   • Pagpapabuti ng mga serbisyong medical tulad ng Obstetrician, Gynecologist, Pediatrician at iba pa.
4. Pagpapabuti ng mga ligtas na lugar/pasilidad maliban sa bahay at paaralan kung saan ang mga bata ay may seguridad na makapaglaro at makapaglibang.
   Halimbawa: • Pagpapalawak ng mga nursery o daycare centers, after school clubs at iba pa.
5. Pagbibigay ng maayos na working environment upang ang mga magulang ay mabigyan ng pagkakataong pagsabayin ang kanilang trabaho at responsibilidad bilang mga magulang.
   Halimbawa: • Pagbibigay ng parental leave at childcare holidays.
   • Pagbibigay ng pagkakataong magtrabaho mula sa bahay o iba pang paraan para mas produktibong magamit ang oras.
6. Pagtiyak at pagpapanatili ng child-friendly, ligtas at mapayapang kapaligiran para sa pagpapalaki ng bata.
   Halimbawa: • Pagpapalawak ng mga pasilidad at mga tindahan na madaling puntahan ng mga magulang na may kasamang bata at pagpapalawak ng mga nursing room at mga libreng serbisyo para sa mga bata.
   • Mga pasilidad na barrier-free sa mga parke at mga pampublikong transportasyon (Para malayang makagalaw ang mga bata at ang ibang tao).
   • Pagtuturo sa mga bata tungkol sa sakuna, pag-iwas sa krimen, traffic safety rules at iba pa.
7. Pag-iwas sa pang-aabuso sa bata (Pang-aabusong pisikal, pang-aabusong berbal, kapabayaan sa bata at iba pa.)
8. Pagtulong sa mga bata na hiwalay na nakatira sa kanilang pamilya.
   Halimbawa: • Pagtanggap sa pasilidad at pagsuporta sa mga bata na maging independe kung aalis na sa pasilidad.
   • Pagpapadami ng mga foster parents at mga pamilyang handang mag-aruga sa mga batang walang magulang. (Ang bawat foster parents ay maaaring mag-aruga ng 5-6 na mga bata.)
9. Pagsuporta sa mga anak ng single parent at sa kanilang pamilya
   Halimbawa: •Pagtulong sa paghahanap ng trabaho ng magulang, pag-aalaga ng mga bata, pag-aasikaso sa pinansyal na suporta para sa mga pangangailangan ng bata/yoiku-hi at usapin ng pagbisita.
10. Pagsuporta sa batang may kapansanan at sa kanilang pamilya.
    Halimbawa : • Pagbibigay ng medikal at welfare services na naaayon sa uri at antas ng kapansanan ng bata.
    • Pagbibigay ng serbisyong pang-edukasyon at pagsasaayos ng mga pasilidad para sa pagkatuto ng mga bata upang maging handa sa mga hamon ng lipunan pagkatapos ng kanilang pag-aaral.

11 Hindi ko alam

**Tanong 30** Kung pinili mo ang 1-10 sa nakaraang tanong, mangyaring isulat ang kaukulang mga dahilan. Kung wala kang partikular na dahilan, hindi na kailangang banggitin.

| Piniling numero | Mga Dahilan (Malayang tukuyin) |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

Tapos na po ang mga katanungan.

Maraming Salamat po sa inyong kooperasyon.